

UTANG NA BOOT

(Bikol-Rinconada)

Gatas ni amay a unang nagtuturo
kana utang na boot kanato.
A susong an a nagbuway
na sabi ka mga tambay
pikukulambitayan ni apay
kun nag-uulod sira ni amay.
Pwede man naggad na isipon
na malang kusog kadi mga suso di
ta sadi maggalin a isusugpon ka buway.
Unu namit ka gatas ka tawo?
igin sanang di nakakangabil a makasabi.
Nagdadakulu kitang ngamin gusto
tang isangal, paloog kanato.
Pigaanap ta gayod a namit ku gatas
sagkod na makagutos kita sa burak
na santan na pigpunan tang supsupon
matam'is su nagluwas sadto burak
nagsalak sadto kagagatikut tang wiluy.
Panawon adtong inisip tang mas
maray na naging alibangbang na sana kita
o kaya su manunulud na ligwan
kisa naging tawo, kisa nagin kita.
Adtung burak man adto a nagpatubod
ko sadiri ta, na ku kita mapadapla
ag nakagat a ngabil, pigsupsop ta na
sana su sadiring rugo, di kita nagbura
ta baka marungug ni amay lamasa pa abot ta,
kaya sabi ta ku kangayamun ta—
na nakabayad ko kanatung pagkapadapla:
matami's a rugo, namit gatas, namit burak santan.

UTANG NA LOOB

Sariling salin ni Kristian Cordero

Gatas ni nanay ang unang nagturo
sa atin kung ano ang utang na loob.
Mula sa kanyang suso tayo'y nabuhay
na sabi ng mga tambay ay madalas
gawing baging ni tatay
kung nagtatalik sila ni nanay.
Maaari nga rin naman talagang isipin
na ubod ng lakas ang mga suso ni nanay
sapagkat dito nagmumula ang bukal ng buhay.
Ano ang lasa ng gatas ng tao?
tanging ang sanggol lamang
na di makapagsalita ang makakasabi.
Lumalaking tayong gusto
nating lahat isubo papasok sa atin.
Marahil ay hinahanap natin ang lasa ng gatas
hanggang sa makapitas tayo ng santan
na sinumulan nating sipsipin
matamis ang lumabas na katas mula sa bulaklak
humalo sa kakaunti nating laway.
Panahon iyon na inisip nating
mas mabuti pang naging mga paru-paro tayo
o kaya 'yong mga nanghahabol na bubuyog
kaysa naging tao, kaysa naging tayo.
Ang bulaklak ding iyon ang nagpaniwala
sa sarili natin nang minsan tayo'y madapa
at nakagat ang labi, sinipsip na lamang natin
ang sariling dugo, hindi tayo umiyak
at baka marinig ng nanay, palo pa ang inabot—
kaya sabi natin sa kalaro natin
na nakakita ng ating pagkadapa:
matamis ang dugo, lasang gatas, lasang santan.

Kristian S. Cordero

Guijalo, Caramoan

SA PAROPAKINABANG KAN MGA SANTOS

Iandam sa bisperas:

Panira—

sarong kilong karne nin kabayo ni Santiago
kublit kan damulag ni San Isidro
asin an manok ni San Pedro

pakalakagaan an mga ini sa agwa bendita
isabwag an pirang dahon nin oliva
dangan pirang turo nin mompo.

Pulutan—

sira ni San Rafael
payo kan ido ni San Roque
asin an alas sa Medalla Milagrosa

Pandulsi—

an duwang pidaso
kan eskapularyo
hali sa Carmel gibohon na caramel.

asin an huri tadtadon nin pino
an ikog kan demonyo
ni San Miguel.

Isabwag.

Serve while still hot.

SAMAHAN NG MGA SANTO

Ihanda sa bisperas:

Ulam—

isang kilong karne ng kabayo ni Santiago
balat ng kalabaw ni San Isidro
at manok ni San Pedro

pakuloan ang mga ito sa agwa bendita
idagdag ang ilang dahon ng oliva
pagkatapos, ilang patak ng mompo.

Pulutan—

isda ni San Rafael
ulo ng aso ni San Roque
at ang ahas sa Medalla Milagrosa

Panutya—

dalawang piraso
ng eskapularyo
mula sa Carmel gawing caramel.

At panghuli tadtarin ng pinong-pino
ang buntot ng demonyo
ni San Miguel.

Isabwag.

Serve while still hot.

BAKUNAWA

Ngonyan na banggi makakabutas si Bakunawa
Hali sa saiyang kulungan duman sa danaw.

An saiyang pandok bako nang makangirhat
Asin mayo na an saiyang tulak na bundat.

Ipapahiling niya an saiyang pagbabago
Na bako na siyang tadtad nin kulugo.

Mangingenotan siya sa pag-inom nin lambanog,
Mapakawat sa gabos na kalalakihan sa salog.

Makikisaro sa mga daragang nagbabarayle
Mapamibi kasabay an mga madre asin prayle.

Mapagurit nin saiyang gira sa gabos na tinampo
Asin an gabos na aki saiyang magiging maku-apo.

Mapatugdok siya nin mga gripo sa hararayong baryo
Asin magiging katood niya an duktor asin albularyo.

An saiyang pangaran magiging bantugan
Sa bilog na rona na saiyang nasasakupan.

Alagad dai aram kan banwaan na binali'ngaw
Na si Bakunawa daing untok pa man sa pag-ringgaw:

Mayo ng yaman an kadagatan, an kabukidan kinalbo,
An kultura dai magiromdoman, gobyerno kinakalburo.

Asin luhay-luhay na si Bakunawa magiging bundat giraray
Magaraba an saiyang mga pinagibong tulay.

Dangan pag-abot kan kadikloman, mahihiling kan banwaan
Na mayo na sindang magayon na bulan sa kalangitan.

BAKUNAWA

Ngayong gabi ay makakatakas si Bakunawa
mula sa kanyang kulungan sa lawa.

Hindi na nakakatakot ang kanyang mukha
at wala na ang tiyan na dambuhala.

Ipakita niya ang kanyang pagbabago
na hindi na siya tadtad ng kulugo.

Pangungunahan niya ang pag-inom ng lambanog,
magpapalaro sa mga kalalakihan sa ilog.

Makikiisa sa mga dalagang sumasayaw
mananalangin kasabay ang mga madre at prayle.

Ipapaguhit niya ang kanyang yapak sa lahat ng kalye
at ang lahat ng bata kanyang magiging mga apo.

Magpapagawa siya ng mga gripo sa malalayong baryo
at magiging kaibigan niya ang mga duktor pati albularyo.

Hanggang sa ang kanyang pangalan ay sumikat
sa buong rehiyon na kanyang nasasakupan

Ngunit hindi alam ng bayang nakalimot
na si Bakunawa ay wala pa ring sawa sa paghasik ng lagim:

Walang nang yaman ang karagatan, kagubatan kinalbo
walang pumapansin sa kultura, gobyerno kinakaliburo.

At marahang magiging bundat uli si Bakunawa
babagsak ang mga pinatayo niyang tulay.

At pagsapit ng dilim, makikita ng buong bayan
na tuluyan nang naglaho ang buwan sa kalangitan.

ISDA

Tinunaw ng tatay
ang dinamita sa tubig-dagat
at pinamumog sa mga isda.
Saka itininda namin sa bangketa—
pinausokan ng tambutso
at upang agad na maubos
kinulayan ng pulang dyubos
ang hasang ng galunggong at bangus.
Binabad sa isang dakot na asin
ang ‘di makilalang ayungin
at pinamanhid ng yelo ang kaliskis
ng pira-pirasong dilis.
Maghapon ng naghintay na may bumili
sa mga isdang nahuli,
ngunit wala ni isa man ang nagkamali
sa mga paninda namin ni Inay.
Umuwi siyang galit sa buhay at sa buong bahay.
Lulutuin niya na lang ang ulam naming bangkulis
nakausli ang mata, tuklap ang kulay pilak na kutis
na kanina’y nakita kong dinumog ng mga bangaw
at ngayo’y nasa bandihadong puno ng sabaw.

Ang apat na tula ay ilan lamang sa mga tula bahagi ng MGA TULANG TULALA: Piling Tula sa Filipino, Bikol at Rinconada, ang unang koleksyon ng mga tula/rawitdawit ni Kristian Sendon Cordero na pinagkalooban ng 2006 Madrigal-Gonzales Best First Book Award.